

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Sampung taon ng Seedy Saturday! Pagsisimula ng spring season kasama ang 2022 birtwal na Seedy Saturday at Garden Show**

BRAMPTON, ON (Marso 1, 2022) – Ang Seedy Saturday at ang Garden Show ng Brampton ay nagdidiriwang ng sampung taon nang may online event sa Sabado, Marso 12, simula sa 10 am.

Ang 2022 birtwal na Seedy Saturday at Garden Show ay ipinipresenta sa pakikipagtulungan sa Brampton Horticultural Society, at magtatampok sa mga video ng paghahardin mula sa mga eksperto sa kapaligiran na ito:

- James Graham na may Magagandang Tip sa Pagpapatubo ng Magagandang Gulay
- Cathy Nesbitt tungkol sa Organic Magic sa mga Bulate
- Linda Crago tungkol sa Heirlooms at Pagliligtas sa Butil
- Shelly Candell tungkol sa Kahalagahan ng mga Pollinator
- Bob Wildfong tungkol sa Pagpapatubo ng Matagumpay na Butil na Nagliligtas sa Hardin
- Sean James tungkol sa Lupa at ang Mga Bagay na Namumuhay Rito
- Christopher Bialek tungkol sa Paghahardin sa isang Nagbabagong Klima
- Ed Hunwicks & Trevor Lee na may Tree Do's at Don'ts Talk ng Lungsod ng Brampton

Ikaw man ay bago sa paghahardin o isang seasoned pro, saliksikin ang [www.brampton.ca/seedysaturday](http://www.brampton.ca/seedysaturday) sa buong araw sa Marso 12 para i-access ang maa resource sa paghahardin, kumonekta sa mga vendor, mag-enjoy sa Kids Zone na may printable activities at video tutorials, malaman kung paano sumali sa curbside seed swap sa [Brampton Horticultural Society](http://Brampton Horticultural Society), at marami pa.

### **Mga Quote**

“Ang Brampton ay isang Luntiang Lungsod, at hinihikayat namin ang mga residente na matuto tungkol sa paghahardin at horticulture. Saliksikin ang birtwal na Seedy Saturday at Garden Show sa Sabado, Marso 12, at ipagdiwang ang 10 taon nitong klasikong event kasama kami!”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Bawat taon, ang Seedy Saturday at Garden Show ng Brampton ay nagpatipon-tipon sa mga eksperto sa paghahardin, mahihilig at sa mga bago pa sa horticulture para umpisahan ang spring season na ito. Sumali sa amin online sa Marso 12 para panoorin ang mga seminar

video ng eksperto at mag-access sa impormasyon at resource sa paghahardin bilang bahagi ng komunidad.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang paghahardin ay isang napakagandang aktibidad na sumusuporta sa kalusugan at kabutihan ng komunidad. Sa taon na ito, mag-enjoy sa exciting na hanay ng mga video ng eksperto, mga aktibidad ng mga bata, ang pagpapalitan ng butil sa curbside at mas marami pa sa ika-10 taunang Seedy Saturday at Garden Show ng Brampton online sa Marso 12.”

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod Wards 7 at 8; Vice-Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Hinihintay natin ang pagpipresenta ng ika-10 taunang Seedy Saturday at Garden Show ng Brampton kasama ang Brampton Horticultural Society online sa taon na ito. Matuto tungkol sa paghahardin, pagiging sustainable at mas nakakalusog na pamumuhay!”

- *Paul Morrison, Interim CAO, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton  
[multiculturalmedia@brampton.ca](mailto:multiculturalmedia@brampton.ca)